Rental Assistance Program
(Programang Nagbibigay-Tulong sa Renta)
101 - 4555 Kingsway
Burnaby, BC V5H 4V8
Tel: (604) 433-2218
Fax: (604) 439-4729
Toll-free: 1-800-257-7756
Web: www.bchousing.org/RAP

Disyembre 2021

**TUNGKOL SA: Rental Assistance Program – Tax Slips para sa 2021**

Mahal na Recipient ng Rental Assistance Program:

Sinusulatan ko kayo dahil nakatanggap kayo ng benefits mula sa Rental Assistance Program (Programang Nagbibigay-Tulong sa Renta) noong 2021.

Ipinahayag ng Canada Revenue Agency (CRA) sa BC Housing na ang benefits na ito ay itinuturing na social assistance at dapat ireport sa inyong income tax return kung nakatanggap kayo nang mahigit sa $500 mula sa Rental Assistance Program.

Kinokompirma ng CRA na bagamat ang benefits ay nananatiling non-taxable, dapat sila isama sa inyong income tax return upang wastong makakalkula ang provincial at federal benefits. Ang pagtanggap at pag-file ng T5007 Statement of Benefit (tax slip) ay hindi makakaapekto sa BC Housing benefits sa darating na panahon sa pamamagitan ng Rental Assistance Program o sa eligibility para sa mga income support program, tulad ng Old Age Security (OAS) o ng Guaranteed Income Supplement (GIS).

Wala kayong kailangang gawin sa kasalukuyan. Sa simula ng 2022 ay padadalhan namin kayo sa mail ng isang slip na kailangan ninyo isama sa inyong income tax return; ang slip na ito ay tinatawag na T5007 – Statement of Benefits. Kapag nag-file kayo ng taxes sa tamang panahon, masisigurado ninyo na matatanggap ninyo ang anumang provincial at federal benefits sa tamang panahon.

Kung lumipat o lilipat kayo mula sa inyong kasalukuyang address, mangyaring tumawag at sabihin sa amin sa 604-433-2218 o kaya sa 1-800-257-7756 (toll free). Ipapadala namin ang tax slip sa mail sa inyong pinakabagong address na nasa aming files.

Mangyaring basahin ang likod ng sulat na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa T5007 tax slip, o kaya'y bisitahin ang aming website sa www.bchousing.org/statement-of-benefits.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa pag-file ng inyong taxes, mangyaring tawagan ang CRA mismo sa 1-800-959-8281, o kaya'y bisitahin ang Service Canada Office malapit sa inyong lugar. Makakakuha kayo ng tulong sa pag-file ng inyong taxes gamit ang libreng Community Volunteer Income Tax Program ng CRA. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1-800-959-8281, o kaya'y bisitahin ang cra-arc.gc.ca/volunteer.

Sumasainyo,

Ray Reynolds
Manager ng Program Delivery

# Mga madalas na katanungan

1. **Ano ang T5007-Statement of Benefits slip?**

   Ang T5007-Statement of Benefits ay isang tax slip na makakatulong sa inyo sa paghanda ng iyong income tax return. Kasama rito ang halaga ng provincial assistance na inisyu sa inyo sa isang tax year.

2. **Bakit nag-iisyu ng T5007 Tax Slip sa akin?**

   Iniuutos ng Canadian Revenue Agency (CRA) sa lahat ng nakatanggap ng provincial assistance na nagkakahalaga ng mahigit sa $500 na ireport ang kita na ito sa kanilang federal income tax return.

3. **Paano naaapektohan ng halaga ng T5007 ang aking tax return? Naaapektohan ba ang aking federal at provincial benefits?**

   Ang mga halagang lumalabas sa T5007 tax slip ay hindi taxable, pero dapat sila isama sa inyong net income upang wastong makakalkula ang benefits.

   Ang mga halaga sa T5007 tax slip ay hindi makakaapekto sa eligibility para sa mga programa sa suporta sa kita, tulad ng Old Age Security (OAS), o ng Guaranteed Income Supplement (GIS).

   Hindi maaapektohan ng halaga ng T5007 tax slip ang halaga ng benefit para sa anumang mga programa ng BC Housing.

   Ang ilang benefits na maaaring maapektohan ng CRA requirement na ito ay:

   - Goods and Services Tax (GST) Credit
   - Canada Child Benefit
   - Provincial o kaya Territorial Tax Credits
   - Non-Refundable Tax Credits

4. **Paano kung hindi na ako tumatanggap ng benefits mula sa BC Housing? Paano ko makukuha ang aking T5007 tax slip?**

   Kung nakatanggap kayo nang mahigit sa $500 mula sa Rental Assistance Program noong 2021, padadalhan kayo ng isang T5007-Statement of Benefits. Ipapadala ito kahit na hindi na kayo tumatanggap ng benefits.

5. **Kailan ko matatanggap ang aking 2021 T5007 tax slip?**

   Ang T5007 tax slips ay ipapadala sa katapusan ng Pebrero 2022.

6. **Paano kung may dalawang adults na nakalista sa aking file?**

   Ang T5007 tax slip ay ipapadala lamang sa pangunahing aplikante na nakalista sa file.

7. **Paano kung ang aking benefit ay diretsong ibinabayad sa aking landlord?**

   Kayo pa rin ang recipient ng benefit at makakatanggap kayo ng isang T5007 slip na nakapangalan sa inyo.